

News

Tagalog No.94

Magasin ng Multilingwal na Impormasyon

Napag-uusapan ito sa Mundo
#Pagbabago ng Klima

「Handa ka ba sa pagdating ng kalamidad ?」

Taong 2019, ito ang taon ng maraming kalamidad sa buong mundo dahil sa pagbabago ng klima. Kahit sa bansa ng Japan ay maraming kalamidad tulad ng malakas na ulan at bagyo. Ang Japan ay isang bansa na maraming lindol. Hindi alam kung kailan mangyayari ang sakunang dala ng kalikasan. Kaya maghanda para sa ganitong mga pagkakataon.

① Alamin kung saan matatagpuan ang lugar ng evacuation site sa Inuyama.

Ang evacuation site ay isang pasilidad upang proteksiyunan ang buhay mula sa mga sakuna. Gayundin naman, ito ay isang lugar na maaring mapuntahan pansamantala para makaligtas sa oras ng panganib at sa oras ng situwasyong delikado ang pamumuhay, tulad ng nasira ang bahay dahil sa lindol o kaya ay binaha dahil sa malakas na ulan. Nakasulat sa newsletter No.91 ang 「Listahan ng mga itinalagang evacuation center sa lungsod sa oras ng emergency」. Mangyari lamang na tiyakin ito sa homepage ng Inuyama International Association Newsletter .



② Alamin kung paano makikipag-ugnayan sa pamilya sa oras na hindi sila matawagan.

Pag-usapan sa pamilya kung ano ang dapat na paraan ng komunikasyon, saan maaaring pumunta o magtagpo sa oras na magkaroon ng sakuna.



<Halimbawa>

- Sa oras ng hindi makatawag sa telepono, gamitin ang disaster message at idial ang 171 para sa pakikipag-ugnayan.
- Kung minsan ay maari din magamit ang SNS. Pag-usapan ang magiging paraan ng pag-uusap sa SNS.
- Kung walang paraan para makipag-ugnayan, pag-usapan ang pagkikita sa paaralan o park o saan mang ligtas na lugar.

③ Mahalagang bagay ang makipag-ugnayan sa mga kapitbahay o kalugar.

Mahalaga na panatilihin bukas ang komunikasyon, tulad ng normal na pagbati sa mga kalapit lugar. Ang pakikipag- komunikasyon kahit na hindi nauunawaan ang wika ay maaring makatulong sa anumang pagkakataon.



Kalamidad ng Inuyama

Malakas na pag-ulan noong taong 2017, mayroong mga napinsala katulad ng bahay at kalsada na lumubog sa tubig. Dagdag pa rito ang nakumpirmang pagguho ng lupa. Alamin kung saan ang mga delikadong lugar gamit ang Inuyama Hazard Map.



「Kahit sino ay maaaring gumamit ng Fire extinguisher, alam mo ba kung paano gamitin ito ?

Kung nakakita ng sunog sa malapit, kahit sino ay maaaring gumamit ng fire extinguisher upang maapula ang apoy. Madaling gamitin ito. Kung nakakita ng sunog ay magagawang mabilis na apulahin ang apoy kung alam ang paggamit nito. Kung sakaling mayroong pagsasanay o drill sa lugar tungkol sa kalamidad, maging masigasig at aktibo sa paglahok upang matutunan ang paggamit nito..



<Paano gamitin ang fire extinguisher ng Japan >

① Hilahin pataas ang kulay dilaw na safety pin	② Tanggalin ang hose at iharap ito sa pinagmumulan ng sunog	③ Kung pipisiling mabuti ang lever, lalabas ang kemikal na pamatay sunog.
		

< Lugar na may fire extinguisher >

Ang fire extinguisher, ay matatagpuan sa mga pampublikong pasilidad at convenience stores. Gayundin naman sa mga restoran at ospital. Mayroon din nito sa mga malapit na supermarket at streetlight.

《 Dapat tandaan kung sakaling makakita ng sunog 》

Punto 1 : Ipaalam !

- Kapag nakakita ng sunog. ipaalam kaagad sa mga tao sa paligid.
Ipaalam na 「may sunog ! (Kaji desu!)」 sa malakas na boses」
- Mabilis na tumawag o i-dial ang numero ng 119.



Punto 2 : Patayin ang apoy !

- Lubhang napakahalaga ang unang 3 minuto. Maaaring maapula ang apoy bago pa man ito kumalat.
- Mabilis na apulahin ang apoy, gamit ang fire extinguisher



Punto 3 : Tumakbo ng palayo !

- Kapag kumalat na ang apoy hanggang sa kisame, mahirap nang apulahin ito.
Kaya huwag nang subukan pa at sa halip ay agad na lumikas.



- ※ Kung sakaling may ibang tao sa paligid, bigyan ng tungkulin ang mga ito at magtulong-tulong upang mapabilis ang pag-apula ng apoy sa lalong madaling panahon.

「May bayad ba ang pagtawag ng ambulansiya at bumbero ? 」

Sa Japan, kapag tumawag sa 119, Ang serbisyo ng ambulansiya at bumbero ay libre (0 yen)
Ang ambulansiya ay para sa mga taong nagkasakit at nadisgrasya at agad na kailanganing dalhin sa ospital upang maipagamot. Ito ay para sa mga kasong emergency lamang.



Alinman sa mga ito ay walang bayad.

Sa oras ng kinakailangan ng bumbero at ambulansya, Tumawag sa **「119」**

- ※ May bayad ang pagpapagamot sa ospital..
- ※ Ang ambulansiya ay hindi taxi. Pumunta sa ospital kung kaya naman ninyo upang hindi na kailangang tumawag pa ng ambulansiya.

《Mga bagay na itatanong sa inyo kung sakaling tatawag sa No. 119.》

1 : Sunog ba o aksidente ?

Sabihin ng malinaw na 「may sunog」 ("kaji desu") o 「may aksidente」 ("kyuukyuu desu").

2 : Lugar

Sabihin ang lokasyon o address.

- ※ Kung hindi alam ang lokasyon o address, sabihin ang palatandaan ng lugar tulad ng park, intersection at kalapit na mga gusali.

3 : Kondisyon ng sakit, aksidente at sunog.

Sabihin kung ano ang nasusunog, anong gusali ang nasusunog, sino, kailan nagsimula at ano ang kasalukuyang estado ng sunog.

4 : Sabihin ang pangalan at numero ng telepono ng taong tumawag sa No. 119 .

May pagkakataong pagkatapos ng pagtawag sa 119, kayo ay tatawagan upang alamin ang lugar kung hindi ito matukoy kung saan.

Upang mabigyang pagkakataon ang mga batang banyaga sa pagtupad ng kanilang mga pangarap, aming tinipon ang mga impormasyon hinggil sa edukasyon sa bansang Japan.



Ang Sistema ng Edukasyon ng bansang Hapon

- Sa Japan, obligadong mag aral ang mga bata sa elementarya at Junior high school. Mag aaral ng 6 na taon sa elementarya at 3 taon naman sa Junior high school.
- Ang mga batang dayuhan din ay maaring pumasok sa Elementarya at Sekondarya tulad ng mga Hapon.
- Pagkatapos ng Junior high school ay maaari ring mag-aral sa Senior high school.. Gayundin naman ang magpatuloy sa kolehiyo o vocational school.
- Ang school year ay nagsisimula sa buwan ng Abril at nagtatapos sa buwan ng Marso.

■ Ministry of Education, Culture & Sports 「Patnubay sa Pagpasok sa Paaralan para sa mga Batang Banyaga」 Gabay para sa pamamaraan ng pagpasok sa paaralan ng Japan. 7 wika : Ingles, Korea, Vietnam, Tagalog, Intsik, Portuges at Espanyol.

URL http://www.mext.go.jp/a_menu/shotou/clarinet/003/1320860.htm

■ Aichi prefecture 「Patnubay para sa Pagsulong ng Karera ng mga Batang Banyaga」 Makakatulong ito bilang reference para sa career advancement para sa hinaharap. 6 na wika : Ingles, Portuges, Intsik(simplified), Intsik(traditional), Tagalog , Espanyol.

URL <http://www.pref.aichi.jp/soshiki/tabunka/shinro-gidebook.html>

Ang gastusin sa paaralaan ng elementarya at Junior high school

- Libre ang tuition fee, gayundin naman ang mga textbooks.
- Ang mga gastusing babalikatin ay ang mga educational materials na gagamitin sa aralin, P.E uniform, school lunch, advance deposit fee para sa field trip ng paaralan at PTA membership fee.

Ang kulturang mayroon sa paaralan

(※ Sa pampublikong paaralan ng elementarya at Junior high school)

- Mayroong School Lunch (Kyuushoku) sa paaralan.

《Dahilan》 Ang pagkain nang magkakasama, balanseng nutrisyon, wastong manner sa pagkain ay isang daan patungo sa maayos na pakikipag-ugnayan sa kapwa.



- Ang mga mag-aaral ang maglilinis ng kanilang silid-aralan, koridor, palikuran at iba pa.

《Dahilan》 Sa ganitong paraan ay matututunan ang magkusa sa paglilinis ng kanilang kapaligiran, gayundin naman ang magbigay kooperasyon sa kanilang mga kamag-aral.



- Walang uniporme sa elementarya. Subalit mula Junior high school ay mayroon na nito.

※ Kung sakaling mayroong hindi nauunawaan at mayroong ipinag-aalala, sumangguni lamang sa guro ng paaralan.

Ang Senior High School

- Mayroong Full time, Part time , correspondence, academics, industrial, commercial course sa Senior high school.
- Ito ay hindi na sakop ng compulsory education. Kinakailangang makapasa sa entrance examination upang makapasok rito.

<Espesyal na Konsiderasyon para sa mga Banyagang Mag-aaral (*Gaikokujin Jidou Seito e Tokubetsu na Hairyou*)>

Sa Aichi Prefecture, Sa Full-time course , ang batang banyaga na naangkop sa mga kundisyon ay maaring kumuha ng entrance examination sa ilalim ng Special Selection for Foreign Students (*Gaikokujin Seitou-tou Senbatsu*).

Sa sistemang ito, ang ekasaminasyon ay may furigana (hiragana sa ibabaw ng kanji characters), 3 asignatura (Kokugo (Nihongo), Ingles at Mathematics).

Gayundin naman sa Part-time Senior high school, kung naaangkop sa mga kundisyon ay maaari ring makatanggap ng konsiderasyon na binanggit.

Sa loob ng Aichi Prefecture, mayroong 11 Public high school na nagsagawa ng eksaminasyong ito.

■ Aichi Prefecture Board of Education & High School Education Section

「4. Sa mga Banyagang Mag-aaral na Nagnanais Makapasok sa Pampublikong Senior High School」

7 Wika 7 : Nihongo (May furigana) Ingles, Portuges, Espanyol, Tagalog, Intsik (Simplified),
Intsik (Traditional) .

URL <http://www.pref.aichi.jp/soshiki/kotogakko/0000027366.html>

Ang Evening Junior High School (*Yakan Chuugakkou*)

- Ang Evening Junior High School ay para sa mga hindi nakapagtapos ng Junior High School dahil sa ibat-ibang mga kadahilanan, subalit nagnanais na makapag-aral, magkaroon ng sapat na kaalaman at makatanggap ng diploma sa Junior High School.
- Bagama't ang leksiyon ay isinasagawa sa Japanese, maari rin pumasok ang mga batang banyaga.
- Ang leksiyon ay ginaganap sa lungsod ng Nagoya (Aichi Prefecture Educational Center at iba pa.)
- Libre ang pag-aaral rito.

Kung hindi makukumpleto ang itinakdang bilang ng mag-aaral, magkakaroon ng pagkakataon ang mga aplikanteng bagama't nakatanggap ng diploma ay hindi naman nakumpleto ang edukasyon sa ilalim ng compulsory education dahil sa hindi pagpasok sa paaralan (*futouko*).

■ Para sa mga Katanungan Aichi Prefecture Education and Sports Promotion Foundation Education Promotion Division Tel No. (052) 242-1588


URL <http://aichi-kyo-spo.com/education/yakan/yakanchuugaku.html>

「Alam mo ba ang Bicycle Insurance ? 」

Posibleng mangyari ang aksidente sa pagbibisikleta dahil sa ibat-ibang kondisyon ng trapiko at batas ng bawat bansa. Sa mga naging dahilan ng aksidente, isang suliranin ang pagbabayad ng malaki dahil sa gastusin sa hospital at pagpapakumpuni ng nasira. Ngunit, kung may Bicycle Insurance ay mababawasan ang dapat alalahanin. Maaaring mabayaran ang mga ito sa pamamagitan ng insurance.



Ang aksidente sa bisikleta ay nagaganap halos isang beses sa loob ng 6 na minuto



Nangyayari ang aksidente sa anumang edad !

Pinagmulan : Japan General Insurance Association "Actual Situation and Preparation for Bicycle Accidents" Edition Aug. 2018

Halimbawa 1



Tinatayang halaga na ibabayad 1,800,000 yen

Nabangga sa Pedestrian, nagreklamo ang nabangga na nabali ang ngipin.

Halimbawa 2



Tinatayang halaga na bayad 960,000 yen

Nasira ang side mirror ng nakaparadang mamahaling sasakyan, nagasgas ang pintura .

Paano makakakuha ng Bicycle Insurance

Maraming kumpanya na pagpipilian para sa Bicycle Insurance. Maaaring mag-enroll ng insurance sa convenience stores, internet o sa shop kung saan kayo bumili ng bisikleta. Depende sa uri ng insurance, mayroong 100yen hanggang 300yen na babayaran sa bawat buwan. Ang mga banyagang residente ay maaring kumuha ng insurance, ngunit tiyakin ang mga kondisyon ng insurance company na pipiliin. Kung hindi tiyak, magsama ng taong nakakaunawa ng wikang hapon sa pag-a-apply ng bicycle insurance.

Iniingatan ang confidentiality.
Walang bayad ang konsultasyon.

Ating alamin kung saan maaaring sumangguni.



★Inuyama City Hall

• Serbisyo nglibreng konsultasyon ng lungsod ng Inuyama para sa mga banyaga

Nilalaman ng Konsultasyon : Suporta para sa mahalagang aplikasyon sa city hall, probisyon ng mahalagang impormasyon na kapaki-pakinabang sa pamumuhay sa bansa, pagpapakilala ng consultation counter.

Lugar ng konsultasyon : Inuyama City Hall, Consultation Room 1st floor.

Wika : Portuges, Espanyol, Ingles, Tagalog, Intsik

Kailan : Tuwing Biyernes ng kada buwan (Portuges • Espanyol)

Unang araw ng Biyernes ng kada buwan (Ingles • Tagalog • Intsik)

Oras : Simula ala-1 ng hapon hanggang alas-4:30 ng hapon

Hindi kailangan ang reservation. First come first serve

Para sa mga katanungan hinggil sa Consultation Counter :

Inuyama City Hall Tourism Exchange Section(City hall, 3rd floor)

Tel: No. 0 5 6 8 (4 4) 0 3 4 3

※ Simula sa Buwan ng Abril, ito ay magiging lokal na seksyon ng pakikipagtulungan.

★Aichi Multicultural Center (Aichi International Plaza) Naka-Ku Nagoya)

① Konsultasyon at pagbibigay impormasyon ng mga Multicultural Social Worker

Mayroong iba't-ibang wika ayon sa araw at oras.

Tiyakin ang URL or QR Code. para sa mga detalye.

<URL>

Portuges, Espanyol, Ingles

<http://www2.aia.pref.aichi.jp/sodan/j/PDF/leaflet1.Por.Spa.Eng.pdf>

Intsik, Filipino/Tagalog, Vietnamese

<http://www2.aia.pref.aichi.jp/sodan/j/PDF/leaflet2.Chi.Fil.Vle.pdf>

Nepalese, Indonesia, Thai

<http://www2.aia.pref.aichi.jp/sodan/j/PDF/leaflet3.Nep.Ind.Tha.pdf>

< QR Code >



Nihongo, Ingles,
Portuges, Espanyol



Nihongo • Intsik •
Filipino/Tagalog •
Vietnamese



Nihongo • Nepalese •
Indonesia • Thai

② Librang konsultasyon sa abogado para sa mga dayuhan (Tumawag lamang sa telepono para sa reservation)

Iskedyul : Ika-2 at ika-4 na Biyernes ng bawat buwan.

Magsisimula ng ala- 1:00 ng hapon hanggang alas-4:00 ng hapon

③ Propesyonal na konsultasyon para sa mga banyaga (Mangyaring tumawag sa telepono para sa reservation)

Mangyari lamang na sumangguni o makipag-ugnayan sa amin para sa anumang bagay na may kinalaman sa Residence status, Labor relations at consumer service.

Konsultasyon hinggil sa Visa Status ...Ika-3 Miyerkules ng bawat buwan, simula ala-1:00 ng hapon hanggang alas-5:00 ng hapon. Mauurong sa kasunod na linggo kung matatapat ng piyesta opisyal.

Para sa reservation, tumawag lamang sa telepono hanggang alas-12:00 ng tanghali hanggang Martes.

Konsultasyon hinggil sa Trabaho ...Ika-2 Lunes ng bawat buwan, simula ala-1:00 ng hapon hanggang alas-5:00 ng hapon. Mauurong sa kasunod na linggo kung matatapat ng piyesta opisyal. Para sa reservation, tumawag lamang sa telepono hanggang alas-12:00 ng tanghali isang lingo bago mag-Lunes.

Konsultasyon sa consumer service ...Ika-4 na Lunes ng bawat buwan, simula ala-1:00 ng hapon hanggang alas-5:00 ng hapon. Mauurong sa kasunod na linggo kung matatapat ng piyesta opisyal. **Para sa reservation**, tumawag lamang sa telepono hanggang alas-12:00 ng tanghali isang lingo bago mag-Biyernes.

Suportadong wika (11 wika) :

Portuges, Espanyol, Ingles, Intsik, Filipino/Tagalog, Vietnamese, Nepalese, Indonesia, Thai, Korean, Myanmar

Lugar : Aichi Multicultural Center (Aichi International Plaza)

Aichi Ken , Nagoya Shi, Naka-Ku, Sannomaru 2-6-1

Sannomaru Building 1st Floor

※Subway 「City hall」 5 Minuto maglalakad mula exit 5 sa direksiyong kanluran.

Reservation • Katanungan : Mula Lunes hanggang Sabado, alas-10:00 ng umaga hanggang alas-6: 00 ng hapon.

TEL : 052-961-7902

E-mail : sodan@aia.pref.aichi.jp



Dapat pag-ingatan sakaling ihihinto ang paggamit ng bank account kapag bumalik ng bansa



Kung ititigil ang paggamit ng inyong bank account, magtungo sa banko kung saan kayo mayroong account at kanselahin ng personal ang inyong account. Labag rin sa batas ang ibigay sa ibang tao ang inyong bank account. Kung lalabag sa batas, maaaring hindi na makapunta o manatili sa Japan.

■ Reference Material : 「Ang Proseso ng Money Transfer at Paggamit ng bank account para sa Paninirahan sa Bansa ng Japan」

<https://www.fsa.go.jp/news/30/20190411/20190411.html> (Financial Service Agency homepage)

14 Wika: Ingles, Intsik, Korean, Portuges, Espanyol, Vietnamese, Tagalog, Thai, Indonesia, Nepalese, Myanmar, Khmer, Mongol, Nihongo.

■ Para sa katanungan : Financial Service Agency Tel. No. : 0570-016811 (Opisina para sa konsultasyon ng serbisyong pinansiyal) (Nihongo lamang)

(Oras ng tanggapan : (weekdays, simula ng alas-10:00 ng umaga hanggang alas-5:00 ng hapon)

English one stop window mail : equestion@fas.go.jp

※ Ang Financial Service Agency ay organisasyon na nagpapalano at gumagabay hinggil sa daloy ng pananalapi.



Mag-ingat sa mga manloloko !

Ang manloloko ay nagpapanggap na isang pulis o tauhan ng banko upang makuha ang ATM card. Sa kaso na sila ay makakapag-withdraw sa ATM card ng hindi nalalaman ng mismong may-ari nito. Kung may hihingi ng PIN ng inyong cash card, huwag itong ibigay gayundin naman ang iba pang mahalagang impormasyon. Ang mga pulis at empleyado ng banko ay hindi humihingi ng PIN ng ATM card.

■ Data ng Lungsod ng Inuyama (Enero 31, 2020 hanggang sa kasalukuyan)

Populasyon ng banyagang residente : 2,547 Katao	1 Vietnam	674 Katao
Populasyon sa Lungsod ng Inuyama : 73,859 Katao	2 Pilipino	378 Katao
Porsiyento ng mga banyagang : Tinatayang 3.4%	3 China	375 Katao
	4 Brazil	335 Katao

Inuyama Newsletter Published by Inuyama City hall〒484-8501 Aichi-ken, Inuyama-shi, Ooaza Inuyama, Aza Touhata 3 6
Edited by Inuyama International Tourist Center 〒484-0086 Aichi-ken, Inuyama-shi,
Matsumoto - Cho 4-21 Inuyama International Tourist Center 『Freude』 Inside
TEL: (0568) 48-1355 FAX : (0568) 48-1356 HP : <http://iiea.info>
E-mail : iia@grace.ocn.ne.jp

Issue 94 Translators : (English) Kusakabe Kazuro, Shibata Atsuyuki, Yasumura Megumi, Steve McGuire
(Espanish) Tawara Carlos, Ruiz Bulnes Ricardo Arturo, Saeki Liliana
(Portugues) Yara Marcos, Sueishi Bruno, Akagi Kasunori, Akagi Mitsue, Yoshida Gisele
(Chinese) Fujimura Kaen, Harita Misako, Minobe Tomoe, Ten Ru, Sun Jiao
(Vietnam) Hoang Manh Cuong, Ngo Van Tam
(Tagalog) Higuchi Marita, Kawasaki Maria